PANGALAN NG KLIYENTE	NUMERO NG ID SA ACES

Ang Iyong mga Karapatan at Responsibilidad Kapag Tumanggap Ka ng mga Serbisyong Iniaalok ng Home and Community Living Administration at Developmental Disabilities Administration

Your Rights and Responsibilities When You Receive Services Offered by Home and Community Living Administration and Developmental Disabilities Administration

Mga Serbisyong Mapapakinabangan

May karapatan kang pumili mula sa mga serbisyong kwalipikado kang matanggap. Boluntaryo ang mga serbisyo. Maaaring hindi makatulong sa lahat ng iyong pangangailangan ang mga serbisyong kayang bayaran ng Home and Community Living Administration at Developmental Disabilities Administration.

Nag-aalok ang HCLA at DDA ng mga serbisyo sa:

- Isang Tahanan ng Pamilya para sa mga Adulto, Pasilidad para sa Inaalalayang Pamumuhay, Pasilidad para sa mga Pinagbuting Serbisyo, Pasilidad sa Pag-aalaga, ICF/IDs, Tahanang may Kasama, Tahanang Kumukupkop sa mga Bata, Lisensyadong Residensyal na Tahanan para sa mga Bata na may mga Empleyado; Mga Panggrupong Tahanan ng DDA, Mga Panggrupong Tahanan sa Pagsasanay; O
- Sariling bahay ng isang tao. **Tandaan:** Hindi nagbibigay ang HCLA at DDA ng bayad na 24 na oras/araw na mga serbisyo sa personal na pangangalaga sa mismong sariling bahay ng isang tao. Kung ninanais ang 24 na oras na pangangalaga, maaaring isaalang-alang ang iba pang mga opsyon sa serbisyo.

Ang iyong Tagapamahala ng Kaso ng Area Agency on Aging, Tagapamahala ng Mapagkukunan sa Kaso ng DDA, Konsultant sa Pangangalaga ng Nars, Konsultant sa Pangangalaga, Espesyalista sa Serbisyong Panlipunan ng mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad, o Tagapamahala ng Kaso sa Pasilidad sa Pag-aalaga ng HCS ay tinatawag na case worker sa dokumentong ito.

Ang Iyong mga Karapatan

May karapatan kang:

- Tratuhin nang may dignidad, paggalang, at walang diskriminasyon;
- Tratuhin nang may paggalang ang iyong mga ari-arian;
- Makipagtulungan sa iyong case worker sa pagpaplano ng iyong pangangalaga;
- Mabigyan ng mga serbisyo ng interpreter nang walang bayad kung hindi ka nakapagsasalita o nakakaunawa nang mahusay ng Ingles;
- Panatilihing pribado ang impormasyon tungkol sa iyo ayon sa mga limitasyon ng batas at mga tuntunin ng DSHS;
- Hindi piliting sumagot sa mga tanong o gumawa ng isang bagay na ayaw mo;
- Masabihan tungkol sa lahat ng serbisyong maaari mong matanggap at makapili ng mga serbisyong gusto mo o ayaw mo;
- Masabihan nang nakasulat tungkol sa mga pasya ng ahensiya at makatanggap ng kopya ng iyong plano sa pangangalaga o buod ng plano sa suporta;
- Tanggihan ang lahat ng serbisyo;
- Pumili, magtanggal, o magpalit ng kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo;
- Matanggap ang mga resulta ng pagsusuri sa background para sa sinumang indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo na iyong pipiliin;
- Makipag-usap sa isang superbisor kung ikaw at ang iyong case worker ay hindi magkasundo;
- Maghain ng hinaing o alalahanin anumang oras tungkol sa performance ng estado o tagapagbigay ng serbisyo sa iyong proseso ng pagpaplano ng pangangalaga, plano sa pangangalaga, mga serbisyo, o anumang bagay na hindi ka nasisiyahan sa iyong kapaligirang nakabatay sa tahanan at komunidad. May karapatan kang maghain ng hinaing nang walang paghihiganti. Maaari kang magsumite ng hinaing o alalahanin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-737-0617, pagpapadala ng email sa grievances@dshs.wa.gov, o paghingi sa sinumang empleyado ng DDA o HCLA ng impormasyon kung paano maghain ng hinaing;
- Humiling ng administratibong pagdinig kahit na nagreklamo ka na;
- Magreklamo nang walang takot na mapinsala kahit na humiling ka ng administratibong pagdinig;
- Makipag-usap sa isang tagapagtaguyod sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-201-1014; at
- Hindi maabuso, mapabayaan, mapagsamantalahan sa pananalapi, o maabandona. Para sa paglalarawan ng mga terminong ito, bisitahin ang: https://www.dshs.wa.gov/altsa/home-and-community-services/types-and-signs-abuse. Kung ikaw o isang taong kilala mo ay inaabuso, pinapabayaan, o pinagsasamantalahan, mangyaring tumawag nang walang bayad sa DSHS sa 1-866 (End Harm) /1-866-363-4276 upang makipag-usap sa isang kawani na makatutulong sa iyo.

Barcode label

16172

PANGALAN NG KLIYENTE	NUMERO NG ID SA ACES

Ang Iyong mga Responsibilidad

May responsibilidad ka na:

- Hayaan ang case worker na kumpletuhin ang iyong pagtatasa kahit man lang isang beses sa isang taon sa isang lokasyong maginhawa para sa iyo;
- Hayaan ang case worker na makita ang iyong kapaligirang pinamumuhayan kahit man lang isang beses sa isang taon;
- Bigyan kami ng sapat na impormasyon upang makumpleto ang iyong pagtatasa at makatulong sa koordinasyon ng iyong plano sa pangangalaga;
- Sabihin sa iyong case worker kung may ibang tao na gumagawa ng mga medikal o pinansiyal na pasya para sa iyo;
- Lumahok sa pagbuo ng iyong plano sa pangangalaga o suporta, at lagdaan ito;
- Tumugon at makipag-ugnayan sa iyong case worker sa napapanahong paraan;
- Piliin ang iyong sariling pangangalaga sa kalusugan;
- Pumili ng kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo;
- Panatilihing pribado ang mga pagsusuri sa background ng tagapagbigay ng serbisyo;
- Unawain na ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ay hindi maaaring bayaran para sa mga serbisyo o oras na hindi pinahihintulutan;
- Sabihin sa iyong case worker kung may mga problema ka sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o kung hindi mo nakukuha ang mga oras na hinihiling ng iyong tagapagbigay ng serbisyo;
- Bayaran ang iyong tagapagbigay ng serbisyo bawat buwan kung tumutulong ka sa pagbabayad para sa iyong pangangalaga;
- Magbigay ng ligtas na lugar ng trabaho;
- Hindi kumilos sa paraang maglalagay sa sinuman sa panganib;
- Sabihin sa iyong case worker bago ka umalis, kung maglalakbay ka sa labas ng estado ng Washington kasama ang iyong tagapagbigay ng personal na pangangalaga; at
- Sabihin sa iyong case worker kung may pagbabago sa:
  - ✓ Iyong kondisyong medikal;
  - ✓ Tulong na nakukuha mo mula sa pamilya, mga kaibigan, o iba pang ahensiya;
  - ✓ Iyong sitwasyong pinansiyal;
  - ✓ Kung saan mo tinatanggap ang iyong pangangalaga;
  - ✓ Kung saan ka nakatira sa estado ng Washington; o
  - ✓ Iyong paninirahan – nagbabalak kang lumipat, o nakatira ka na ngayon sa labas ng estado ng Washington.

Mga Responsibilidad ng Case Worker

May responsibilidad ang iyong case worker na:

- Tratuhin ka nang may dignidad at paggalang;
- Panatilihin ang iyong pagiging pribado;
- Sabihin sa iyo kung ano ang kaya, o hindi kayang, gawin ng HCLA at DDA para sa iyo;
- Kumuha ng impormasyon mula sa iyo at sa iba upang magsagawa ng pagtatasa upang matukoy ang antas ng tulong na kailangan mo at magpasya kung anong mga serbisyo ang maaari mong pagpilian;
  - ✓ Kabilang sa pagtatasa ang iyong mga kalakasan, limitasyon, mga layunin, at mga kagustuhan;
  - ✓ Kasama sa pagtatasa ang tulong na tinatanggap mo na o maaaring makuha mula sa pamilya o iba pang ahensiya at kung paano mo gustong maisagawa ang mga serbisyo;
- Tulungan ka sa pagbuo ng plano sa pangangalaga o plano sa suporta na tumutugon sa tulong sa personal na pangangalaga at kinabibilangan ng iyong mga personal na layunin, kagustuhan, at mga mapagpipilian;
- Kumuha ng impormasyon mula sa iyo at sa iba upang i-update ang iyong plano sa pangangalaga o plano sa suporta bawat taon o kapag nagbago ang iyong kondisyon;
- Bigyan ka ng sapat na oras upang makapagbigay ng kinakailangang impormasyon;
- Tugunan ang mga problema sa iyong plano sa pangangalaga o plano sa suporta sa oras na lumitaw ang mga ito;
- Igalang ang iyong mga karapatan at magbigay ng karagdagang tulong sa pag-akses sa mga serbisyo kung ikaw ay may kapansanang mental, neurolohikal, sensory, o pisikal; at
- Tulungan kang makahanap ng isang kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo kung hindi ka makahanap ng isa.

Barcode label

16172

PANGALAN NG KLIYENTE	NUMERO NG ID SA ACES

Mga Paunang Direktiba

May karapatan kang gumawa ng mga paunang direktiba. Maaaring kabilang sa mga paunang direktiba ang isang testamento habang nabubuhay o pangmatagalang kapangyarihan ng kinatawan para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Ibinubuod ng mga paunang direktiba ang iyong mga kagustuhan tungkol sa medikal at/o pangangalaga sa kalusugang mental, kabilang ang karapatang tanggapin o tanggihan ang panggagamot na medikal, kalusugang mental, o operasyon, kapag wala kang mental na kakayahan upang gumawa ng mga pasyang iyon. Maaari mong ipawalang-bisa ang iyong mga paunang direktiba anumang oras.

Serbisyo sa Pagpaparehistro ng Botante

Iniaatas ng Batas sa Pambansang Pagpaparehistro ng Botante ng 1993 sa lahat ng estado na magbigay ng tulong sa pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng kanilang mga tanggapan sa pampublikong tulong. Hindi makaaapekto sa mga serbisyo o sa halaga ng mga benepisyong ibibigay sa iyo ng ahensiyang ito ang pag-a-apply para magparehistro o pagtangging magparehistro upang bumoto. Kung gusto mo ng tulong sa pagsagot sa form para sa pagpaparehistro ng botante, tutulungan ka namin. Pananatilihing kumpidensiyal at gagamitin lamang para sa mga layunin ng pagpaparehistro ng botante ang iyong pasya na magparehistro o tumangging magparehistro. Kung naniniwala ka na may nakialam sa iyong karapatang magparehistro o tumangging magparehistro upang bumoto, sa iyong karapatan sa pagkapribado sa pagpapasya kung magpaparehistro o sa pag-a-apply para magparehistro upang bumoto, o sa iyong karapatang pumili ng sarili mong partidong pampulitika o iba pang kagustuhang pampulitika, maaari kang maghain ng reklamo sa:

Washington State Elections Office
PO Box 40229
Olympia WA 98504-0229
1-800-448-4881

Ang Iyong Lagda

Lumagda sa ibaba kung nauunawaan mo ang iyong mga karapatan at responsibilidad at nauunawaan ang mga responsibilidad ng iyong case worker.

Lagda ng Kliyente	Petsa
Lagda ng Legal na Kinatawan	Petsa

Abiso para sa mga kustomer at empleyado (Title VI at VII), ang Washington State Department of Social and Health Services ay isang employer na nagbibigay ng pantay na pagkakataon at hindi nandidiskrimina sa anumang aspekto ng trabaho, sa mga programa, o serbisyo nito batay sa edad, sekso, oryentasyong sekswal, kasarian, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, katayuang sibil, lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon o mga paniniwala, ugnayang pampulitika, katayuan sa militar, beteranong marangal na inalis sa serbisyo, beterano noong Panahon ng Vietnam, beteranong kamakailan lang umalis sa serbisyo o iba pang protektadong katayuan ng beterano, ang pagkakaroon ng anumang kapansanang sensory, mental, o pisikal, o ang paggamit ng isang taong may kapansanan ng sinanay na asong gabay o hayop na tagapaglingkod, pantay na pasahod, o impormasyong genetiko.

Barcode label

16172

Ang Iyong mga Karapatan at Responsibilidad Kapag Tumanggap Ka ng mga Serbisyong Iniaalok ng Home and Community Living Administration at Developmental Disabilities Administration

Mga Tagubilin para sa Case Worker

1. Repasuhin ang form kasama ng kliyente upang masagot ang anumang mga katanungan tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng kliyente. Repasuhin kasama ng kliyente sa panimulang pagtatasa ng CARE (o sa Makabuluhang Pagbabago/Taunang pagtatasa kung hindi pa nilalagdaan ang form). Kung mayroong na-update na bersyon ng isang form, palagdaan sa kliyente ang na-update na form. Papalitan ng pinakabagong form sa mga karapatan at responsibilidad ng kliyente na iprinisinta ng case worker at nilagdaan ng kliyente ang mga dating nilagdaang form.
2. Palagdaan sa kliyente o sa kinatawan ng kliyente ang dalawang kopya ng form upang matukoy ang kanilang pag-unawa sa mga karapatan at responsibilidad ng kliyente kapag tumatanggap ng mga serbisyong iniaalok ng Home and Community Living Administration at Developmental Disabilities Administration.
3. Ilagay ang isang kopya sa elektronikong rekord ng kaso ng kliyente at ibigay ang isa pang kopya sa kliyente.